American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-29-47
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# GUSTO MO BANG KUMITA?: DESKRIPTIBONG PAG-AARAL SA PAMAMARAAN NG PAMAMAHAYAG NG SCAM TEXT MESSAGES

Charlyn G. Cartajenas[1], Jobell B. Jajalla, PhD[2]
[1]*Mananaliksik, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines*
[2]*Tagapagturo sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines*

**ABSTRAK :** Layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin at ilarawan ang mga pamamaraan na ginagamit na mga scammer sa pagpapadala ng mga text messages at upang maunawaan ang mga estratehiya ng mga scammer na makakatulong sa pagprotekta sa mga mag-aaral mula sa mga scams. Gamit ang kwalitatibong desinyo ng pananaliksik at diskursong pagsusuri ; tinalakay ang limampu't isang (51) scam text messages bilang bahagi ng korpora ng pag-aaral. Batay sa mga natuklasan tatlong mood types ang pinakamadalas sa mga scam text messages na natatanggap sa selpon : pasalaysay (declarative), pautos (imperative), at padamdam (exclamative). Bukod dito, tatlong elemento ng Fraud Triangle ang ginamit sa pagsusuri ng mga salitang nagpapahiwatig ng intensyon ng scammer para magmanipula sa biktima base sa pagkakaayos ng mga scam text messages : panggigipit (pressure), pagkakataon (opportunity), pagbibigay-katwiran (rationalization).

***Mga Susing Salita :*** *Diskursong pagsusuri, elemento ng pandaraya, fraud triangle, mood types, scam text messages*

## I. INTRODUKSYON

Ang mabilis na pagsulong ng teknolohiya ay patuloy na nagbabago sa ating mundo, nagbibigay ito ng maraming pagkakataon para sa pag-unlad, komunikasyon, at libangan.Sa kabilang banda, ang teknolohiya rin ay may kasamang mga panganib, at isa na rito ang lumalalang problema ng scam text messages. Habang totoo na nagbibigay ng maraming benepisyo ang teknolohiya, mahalagang kilalanin ang negatibong epekto nito, tulad ng pagdami ng mga pandaraya sa pamamagitan ng mga text message. Ang mga mensaheng ito ay naglalayon na magnakaw ng pera, impormasyon, o pareho mula sa mga biktima sa pamamagitan ng panlilinlang. Ang kakayahang maabot ng mga scammer ang maraming tao sa pamamagitan ng teknolohiya ay nagpapalala sa isyung ito. Samakatuwid, kailangan ng mas malawak na kamalayan at pag-iingat upang maiwasan ang mga ganitong uri ng pandaraya.

Ang pagkalat ng scam text messages na naglalaman ng personal na impormasyon o maling datos ang pangunahing problemang kinahaharap ng mga gumagamit ng smartphone sa Pilipinas. Ayon sa pag-aaral ng Telenor, isang kompanyang telekomunikasyon sa Norway, nangunguna ang Pilipinas sa Asya sa pagiging labis na dependent sa paggamit ng telepono (Cutaran, 2022). Dahil sa malawakang paggamit ng smartphone at sa kadalian ng pagkuha ng impormasyon gamit ito, nagiging madali para sa mga kriminal na biktimahin ang mga tao. Ang pag-uugnay ng iba't ibang apps ay nagiging daan upang makuha ang personal na impormasyon gaya ng mobile number at email address sa pamamagitan ng hacking (Santoso, 2022).

Bukod pa rito, sa Pilipinas partikular na sa Touro University ang mga mapanlinlang na text messages na ginagamit ang pormal na anyo ng wika upang magpanggap na mula sa lehitimong ahensya o kompanya, na nagiging sanhi ng pagkalinlang ng maraming indibidwal. Ang mga text messages na galing sa kilala at respetadong mga ahensya ay itinuturing na lehitimo dahil sa kanilang malinis na track record at dahil may mga empleyadong responsible sa pagsulat nito, kaya naman inaasahang pormal at gramatikal ang mga ito. Ang paggamit ng pormal na tono, na walang kolokyal na salita, contractions, at panghalip na unang panauhan kabilang sa mga halimbawa nito ang mga alok ng trabaho o pautang, pekeng panalo sa lotto, at paghingi ng impormasyon sa bangko o pagbabayad para sa mga produkto o serbisyong hindi naman natanggap (Federal Trade Commission, 2022). Karaniwang nagmumula ang mga ito sa hindi kilalang numero, na nagpapanggap na mga empleyado ng lehitimong kompanya o ahensya ng gobyerno (Bangko Sentral ng Pilipinas, n.d.).

Isang kapaki-pakinabang na pag-aaral para sa paaralan ang scam text messages, isang mahalagang hakbang upang maprotektahan ang mga estudyante at ang kanilang mga pamilya mula sa pandaraya at upang maitaguyod ang isang ligtas at responsableng online na kapaligiran. Ang pag-aaral ng scam text messages sa paaralan ay mahalaga upang mapalawak ang kaalaman ng mga estudyante tungkol sa mga panganib ng online na pandaraya. Sa panahon ng paglaganap ng mga text-based scams, ang mga estudyante ay nagiging target ng mga scammer na gumagamit ng mga mensahe na naglalaman ng mga pekeng alok at impormasyon (Ateneo de Manila University, 2022) Sa pamamagitan ng pag-aaral ng scam text messages, ang mga guro ay nagiging mas epektibong tagapagturo at tagapag-alaga ng mga mag-aaral sa digital na mundo. Ang pag-aaral ng scam text messages ay mahalaga para sa mga guro dahil nagbibigay ito ng pagkakataon na maunawaan ang mga panganib na kinakaharap ng mga mag-aaral sa online world (National Center for Missing and Exploited Children, 2023). Ang pag-aaral ng scam text messages ay may malaking kahalagahan para sa mga mag-aaral, lalo na sa mga panahon ng pagbabalik-eskwela.

Ang mga mag-aaral ay madalas na target ng mga scammer na gumagamit ng mga mapanlinlang na mensahe na maaaring magmukhang lehitimo, kaya mahalaga na matutunan nila kung paano makilala ang mga ito. Ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga scam ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging mas mapanuri at maingat sa kanilang mga online na aktibidad, na nagpoprotekta sa kanilang personal na impormasyon at pinansyal na seguridad. Bukod dito, ang pag-aaral na ito ay tumutulong sa pagbuo ng mas mataas na antas ng digital literacy, na mahalaga sa kanilang pang-araw-araw na buhay at sa kanilang hinaharap na karera (Federal Communications Commission, 2023). Ang pananaliksik na ito ay mahalagang pag-aralan dahil sa potensyal nitong magbigay ng mahalagang kaalaman tungkol sa mga pamamaraang ginamit sa scam text messages, magpalakas ng kamalayan sa panganib, at mag-ambag sa pagpapabuti ng digital literacy at seguridad ng mga tao (Santos, 2020).

Sa pananaliksik nina Anafo at Ngula (2020) na pinamagatang "Sa Gramatika ng Panloloko: Transitivity, Manipulasyon at Panlilinlang sa mga Email ng Panloloko", sinuri ang wika ng panloloko sa pamamagitan ng isang clause-by-clause analysis ng apatnapung email na naglalaman ng 860 na clauses. Nakatuon ang kanilang pag-aaral sa lexicogrammatical system ng transitivity bilang pangunahing paraan ng pagrerepresenta ng karanasan, gamit ang pananaw ng Systemic Functional Linguistics. Bagama't mahalaga ang kontribusyon ng kanilang pag-aaral sa pag-unawa sa gramatikal na istruktura ng panloloko sa email, hindi nito nasasaklaw ang iba pang anyo ng panloloko sa digital na komunikasyon, tulad ng scam text messages, na mas laganap at madaling makaabot sa mas maraming indibidwal sa kasalukuyan. Wala ring sapat na pag-aaral na sumusuri sa paraan ng paggamit ng pormal na rehistro ng wika upang magpanggap na lehitimong institusyon sa mga text message, lalo na sa konteksto ng Pilipinas. Dahil dito, may malinaw na puwang sa literatura na nangangailangan ng pagsusuri sa lingguwistikong estratehiya ng panlilinlang sa mga scam text, na layong punan ng kasalukuyang pananaliksik na ito.

Ang pananaliksik na ito ay may mataas na panlipunang kahalagahan sapagkat direktang tumutugon sa isang lumalalang isyu sa bansa: ang cybercrime sa anyo ng scam text messages. Ang resulta ng pananaliksik ay makatutulong hindi lamang sa mga mag-aaral kundi maging sa mga guro, magulang, at tagapagpatupad ng batas upang mas maunawaan ang estratehiya ng mga scammer sa paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang tataas ang antas ng digital literacy, kritikal na pag-iisip, at cybersecurity awareness sa mga institusyong pang-edukasyon. Maaari rin itong maging batayan sa paggawa ng mga programa at polisiya laban sa mga digital na panlilinlang.

Pagkatapos ng pananaliksik na ito ang daluyan ng pagpapakalat ay paglalathala ng mga aklat sa akademya sa pamamagitan ng *website* sa aklat. Isusumite ang pananaliksik sa silid-aklatan ng paaralan bilang karagdagang sanggunian para sa mga mag-aaral at guro, upang magsilbing gabay sa mga susunod na pag-aaral tungkol sa scam text messages at digital literacy. Ang paglalathala ng mga aklat pang- pananaliksik sa publiko ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng yamang kaalaman sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng access sa isang kayamanan ng kaalaman, pagpapalakas ng pakikipagtulungan, at pagsuporta sa kanilang mga pagsisikap sa pananaliksik.

**Layunin ng Pananaliksik**

Layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin at ilarawan ang mga pamamaraan na ginagamit ng mga *scammer* sa pagpapadala ng mga *text messages* at upang maunawaan ang mga estratehiya ng mga *scammer* na makakatulong sa pagprotekta sa mga mag-aaral mula sa mga *scams*. Ang pag-aaral na ito ay tiyaking makuha ang sagot sa mga sumusunod na katanungan:

1.1 Ano-ano ang mga salitang pasalaysay, patanong, pautos at padamdam na ginagamit sa mga scam text messages?

1.2 Ano-ano ang mga salitang matatagpuan sa *scam text messages* na napabilang sa pangangailangan, pagkakataon at pagbibigay-katwiran ng mandaraya?

## II. METODOLOHIYA

Kwalitatibong disenyo ang gagamitin sa kasalukuyang pag-aaral. Gagamit naman ang deskriptibong pamamaraan sa pag-aaral upang masuri ang mga datos na nakalap. Sa partikular, Qualitative-descripive research ang ginamit na paraan ng pag-aanalisa ng datos. Ginawa ito upang matukoy ang estrukturang panggramatika ng scam texts at paraan ng panghihikayat ng scammers upang makatulong sa pagtukoy ng scams at pagsugpo ng krimeng ito. Ang kwalitatibong pananaliksik ay tumutumpok sa gawaing pagsisiyasat, pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga puna na may layuning makatuklas ng batayang kahulugan at disenyo ng ugnayan, kabilang na ang mga klasipikasyon ng uri ng mga pangyayari at entidad, sa paraang hindi nasasangkot ang mga disenyong pangmatematika (Krathwohl, 2009).

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng kwalitatibong deskriptibong disenyo, isang lapit na nakatuon sa paglalarawan ng mga umiiral na penomena batay sa aktwal na datos sa halip na sa estadistikong pagsusuri o eksperimento. Ang deskriptibong pananaliksik ay karaniwang ginagamit upang mailarawan at maunawaan ang mga anyo, estruktura, at kahulugan ng mga wika at kilos sa kanilang natural na konteksto. Sa pag-aaral na ito, ginagamit ito upang masusing suriin ang mga lingguwistikong estratehiya at diskursong anyo na matatagpuan sa mga scam text messages.

Layunin ng pananaliksik na magbigay ng tapat at detalyadong representasyon ng mga mensaheng natanggap ng mga kalahok, nang walang manipulasyon sa nilalaman o pagkakasunod-sunod ng mga ito. Hindi tulad ng eksperimental o kwantitatibong pananaliksik na nakatuon sa sanhi-at-bunga o estadistikong pagsusuri, ang deskriptibong pananaliksik ay nagbibigay-daan upang maunawaan kung paano ginagamit ang wika upang makapanghikayat, manlinlang, at manipulahin ang mambabasa. Sa pamamagitan ng diskursong pagsusuri, sinusuri sa pananaliksik na ito kung paano nakabalangkas ang mga mensahe upang maiparating ang layuning panlilinlang ng scammer, at kung paanong ang mga estudyante ay nagiging sentro ng mga estratehiyang ito.

Ang Mananaliksik ng kwalitatibong pag-aaral ay kinakailangang mananaliksik na bigyang diin ang kaniyang partisipasyon sa pag-aaral kung siya ba ay magiging partisepante o taga- panukala. Kaugnay dito, batay sa kalikasan ng gagawing pag-aaral isang kwalitatibong pag- aaral, kabilang sa mga gampanin ng mananaliksik ang paglikom ng mga datos, pag- aanalisa ng mga datos, pagsulat ng mga datos, at pagtatala ng mga akademikong impormasyon sa pag-aaral. Samakatuwid, ang mananaliksik ay siyang gaganap bilang, taga-encode ng mga akademikong impormasyon, tagasalin ng mga akademikong impormasyon at datos ng pag- aaral, tagatala ng mga datos, tagsuri ng mga nalikom na mga datos, at tagtustos ng pinansyal na pangangailangan sa pagsasagawa ng pananaliksik (Creswell, 2013).

Dagdag pa, ayon kay (Greenbank, 2003; Creswell, 2013), ang mananaliksik ng kwalitatibong pag-aaral ay kinakailangang mailarawan ang mahahalagang aspekto ng pansariling kasanayan, mga usaping pananaw at pagkiling, tunguhin at karanasan upang maging kwalipikado sa pagsasagawa ng pananaliksik. Mahalagang isaisip ng mananaliksik ang kahalagahan sa pagtalima sa prinsipyo at batayang pamantayan sa pagsasagawa ng kwalitatibong pag-aaral na nangangailangan ng paghahanda para sa malawakang paghahanap at ng datos.

Ang korporang gagamitin sa pag-aaral ay ang limampu't isa (51) scam text messages galing sa mag-aaral na nasa ikatlong taon sa kolehiyo na may kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino. Upang maging mas malalim ang pagsusuri sa mga scam text messages, ginamit sa pananaliksik na ito ang tatlong teoryang nagbibigay-linaw sa anyo ng wika, estratehiya ng panlilinlang, at teknolohikal na konteksto ng komunikasyon: ang Systemic Functional Linguistics (*SFL*) ni Halliday (1994), ang Fraud Triangle Theory (*FTT*) ni Cressy (1953), at ang Technology Acceptance Model (*TAM*) ni Davis (1989).

Ang Systemic Functional Linguistics (*SFL*) ay isang teoryang pangwika na tumutugon sa ugnayan ng wika at ng mga tungkulin nito sa lipunan, na tinatawag din na systemic functional grammar, Hallidayan linguistics, o systemic linguistics. Binubuo ito ng tatlong antas: kahulugan (semantics), tunog (phonology), at pagkakasulat (lexicogrammar, na kinabibilangan ng syntax, morphology, at lexis). Ginagamit ito sa pagsusuri ng mga teksto at konteksto nito (Sha & Feifei, 2021), na nakatuon sa paglikha ng kahulugan sa pamamagitan ng pagpili, na naiimpluwensyahan ng konteksto (Nordquist, 2021). Ang pagsusuri ng mood, isang mahalagang bahagi ng SFL, ay nagsisiyasat sa mga gramatikal na estruktura na nagpapakita ng mga relasyon at tungkulin ng mga kalahok sa isang interaksyon. Sa esensya, ang SFL ay isang sistematikong paraan ng pag-unawa sa kung paano ginagamit ang wika upang makabuo ng kahulugan sa loob ng isang partikular na konteksto.

Maraming kaugnay na pamamaraan ang binuo upang suriin, tuklasin, at pigilan ang mga pag-uugaling may kaugnayan sa pandaraya, kung saan ang Fraud Triangle Theory ay nauugnay sa klasikong modelo ng pag-awdit ay isa sa pinakamahalaga sa mga ito. Dahil ang pandaraya ay ginagawa ng mga tao, ito ay malapit na

nauugnay sa pag-uugali ng tao. Kaya, ang pag-unawa sa mga motibasyon ng mga nagkasala o ang kanilang sikolohikal at mga katangian ng personalidad na nagtutulak sa kanila na lumampas sa mga etikal na hangganan ay maaaring magbigay ng bagong pananaw para sa pagtuklas ng pamamaraang ng pamamahayag ng pandaraya. Ang FTT ay maaaring epektibong gamitin upang makita ang posibilidad ng pandaraya sa korporasyon, kung saan ang pagsukat ng lahat ng nauugnay sa nakasalalay na data na gagamitin para sa pag-aaral, maging publiko o pribado (Aguayo et al., 2021).

Ang mga teoryang kaugnay sa pag-aaral ay ang Technology Acceptance Model. Ang pananaw nito ay nagpapakita ng isang TAM upang mas mauunawaan at mahuhulaan ang pag-uugali ng tao patungo sa paggamit ng teknolohiya, na pinagtibay ng maraming pag-aaral sa adaptasyon ng teknolohiya (Johar et al., 2021). Susuriin ang kasalukuyang pag-aaral base sa ugnayan sa pagitan ng kamalayan sa teknolohiya at intensyon sa pag-uugali ng mga gumagamit sa pamamagitan ng mga napapansin na salik kapakinabangan, kadalian ng paggamit at panganib Sagheer et al., (2022).

Sa paggamit ng mga ito ay angkop sa pagtuklas ng kaalaman at komprehensyon sa mga pamamaraan ng scam text messages ng mga scammer sa kanilang bibiktimahin. Ang mananaliksik ay naglalayong tuklasin kung paano gumanap ang mga metodo na maging tulay sa pagsugpo ng problema sa lipunan. Ang mga pamantayan na ginamit sa pagpili ng scam text messages ay nagsisilbing gabay upang matiyak na ang mga napiling materyal ay tumutugon sa layunin ng pag-aaral.

The first paragraph under each heading or subheading should be flush left, and subsequent paragraphs should have a five-space indentation. A colon is inserted before an equation is presented, but there is no punctuation following the equation. All equations are numbered and referred to in the text solely by a number enclosed in a round bracket (i.e., (3) reads as "equation 3"). Ensure that any miscellaneous numbering system you use in your paper cannot be confused with a reference [4] or an equation (3) designation.

## III. RESULTA

Sa kabanatang ito, inilalahad ang estratehiya at pamamaraan na nakalap mula sa pagsusuri sa 50+1 na scam text messages sa selpon. Nakasentro lamang ang kabanatang ito sa mood analysis na sinusuri kung paano ginagamit ang wika upang lumikha ng mapanlinlang na mensahe at hikayatin ang biktima na magtiwala at kumilos ayon sa nais ng mandaraya. Ang mga scam text messages ay sinuri batay sa konsepto at mungkahi ni Halliday (1994) upang matukoy at masuri ang mood types, clauses at elemento ng pandaraya sa mga text messages na natanggap. Ang pagsusuri at pangangalap ng datos na gagamitin bilang korpora ay naka sentro at makabantay sa mga katanungan sa pananaliksik:

1.)Ano-ano ang mga salitang pasalaysay, patanong, pautos, at padamdam na ginagamit sa mga scam text messages?

2.)Ano-ano ang mga salitang matatagpuan sa scam text messages na napabilang sa pangangailangan, pagkakataon, at pagbibigay katwiran ng mandaraya?

Ang bawat elementong gamit sa pagtuklas ng estratehiya at pamamaraan mula sa mga patalastas, na ginamit bilang korpora, ay maingat na pinag-aralan at sinuri. Sa Talahanayan 1, makikita kung ano-ano ang mga salitang napabilang sa mood types na binigyang suporta ng mga clauses na nakapaloob sa mga scam text messages base sa mungkahi ni Halliday (1994). Samantalang ang Talahanayan 2 naman ay ang bahagi na kung saan kinakikitaan ng mga salitang napabilang sa tatlong elemento ng pandaraya na nagbigay linaw sa layunin ng pag-aaral base sa mungkahe ni Cressy (1953) Kung gayon, ang mgan uri ng moods,estratehiya ng pangungusap gamit ang clauses at elemento nang pandaraya na ipinakita sa mga talahanayan ay ang mga kadalasang ginagamit sa mga scam text messages na natanggap at nababasa sa selpon.

Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga salitang pasalaysay, patanong, pautos, at padamdam na ginagamit sa mga scam text messages?

Sa bahaging ito ng manuskrito ay nakalimbag ang Systemic Functional Linguistic na naka pokus sa mood analysis sa 51 na mga scam text messages. Ang mga text messages na ito ay kadalasang natatanggap ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang mga ibat ibang katangian scam text messages na mga salita ay kinakitaan na napabilang sa tatlong elemento ng pandaraya na siyang nagsisilbing hanguan ng korpora ng pananaliksik.

Kaugnay rito, mababanaag na kapag gumagamit ng ibat-ibang elemento ng pagsusuri ng nakapokus a pandaraya ay nakapagbibigay ito sa pag-unawa sa mga salik ng Technology Acceptance: nagpapalakas ng kamalayan, nagpapalakas ng mekanismo ng seguridad at nakapagsagawa ng mga hakbang sa pag iwas at ang na nagdudulot upang maakit ang makababasa nito. Ito ay bilang suporta sa pokus sa pagsusuri at pag-aaral ng scam text messages Kung kaya sa bawat talahanayan, inihaharap dito ang mga mood types na mga katangian ng mga salitang makita sa scam text messages na sinuportahan at nakabatay sa teoryang ginamit upang maging mabisa at makatotohanan ang paglalahad ng pananaliksik.

Ilalahad sa Talahanayan kung ano-ano ang mga kadalasan na mga salitang napabilang sa estratihiya ng pangungusap sa pagbuo ng scam text ang mga clauses: (Block) Simuno, panaguri, pandiwa (Residue) pamuno at pang-abay na nakapaloob sa 50+1 na scam text messages at ang mga natagpuan na mga salita gamit ang pagsusuring mood analysis ang mood types: (1) pasalaysay, (2) pautos, (3) patanong,(4) padamdam.

**Pasalaysay (*Declarative*)**

Ang pasalaysay ay ginagamit upang magbigay ng impormasyon, pahayag, o paglalarawan. Karaniwan itong nagtatapos sa tuldok at ginagamit upang magmukhang lehitimo ang isang mensahe na nagpapakita ng awtoridad at pagiging lehitimo, kaya madaling paniwalaan ng biktima. Madalas itong ginagamit sa phishing scams upang linlangin ang tatanggap na ito ay isang tunay na mensahe mula sa isang bangko o serbisyo. Ang mga tao ay karaniwang nagtitiwala sa mga mensaheng may ganitong anyo, nagiging mas madali silang malinlang. Kung saan ang isang pekeng mensahe ay nagpapanggap o nagkukunwaring lehitimong serbisyo upang makuha ang kumpiyansa ng biktima at pilitin siyang gamitin ang ipinadalang code sa isang pekeng website.

**Talahanayan 1.1 Pasalaysay (*Declarative*)**

| Mood Types | Clauses | Scam Text Messages | Analisis |
|---|---|---|---|
| **Pasalaysay (*Declarative*)** | (Block)<br>Simuno: Ang iyong ₱1,776<br>Panaguri: gantimpala ( mabisa lamang sa loob ng tatlong araw)! Pindutin para makuha ang libreng pera ngayon! Bisitahin<br>Pandiwa: pindutin (Positibo)<br><br>(Residue)<br>Pang-abay: Sa loob ng tatlong araw, ngayon | Angkinin ang iyong ₱1,776 na gantimpala (mabisa lamang sa loob ng tatlong araw)! Pindutin para makuha ang libreng pera ngayon! Bisitahin :https://7e.me/?id=728966018<br><br>(*Claim your P1,776 reward (valid only in 3 days)! Tap to redeem free cash now! Visit: https://7game.me/?id= 728966018*)<br>(STM-01) | Ang scam text na ito ay gumagamit ng mapanlinlang na wika upang agad na maaksyunan ng biktima. Sa pamamagitan ng pasalaysay na pahayag tulad ng "Ang iyong ₱1,776" at positibong panaguri na "gantimpala," pinapalabas na totoo ang alok. Ang pandiwang "pindutin" ay humihikayat ng madaliang aksyon, habang ang mga pang-abay na "ngayon" at "sa loob ng tatlong araw" ay nagbibigay ng sense of urgency. |
| | (Block)<br>Simuno: kita<br>Panaguri: pangalawang premyo, pakiangkin ang iyong P47,568 na gantimpala sa loob ng pitumpu't dalawang oras<br><br>(Residue)<br>Pamuno: sa pagkapanalo<br>Pang-abay: sa loob ng pitumpu't dalawang oras | (Paalala sa gantimpala) Binabati kita sa pagkapanalo ng pangalawang premyo, pakiangkin ang iyong P47,568 na gantimpala sa loob ng pitumpu't dalawang oras: https://xfhj.win/sqw<br><br>(*Award Reminder) Binabati kita sa pagkapanalo ng pangalawang premyo, paki-claim ang iyong P47,568 na reward sa loob ng 72 na oras: https://xfhj.win/sqw*)<br>(STM-06) | Ang kabuuang pangungusap, "Binabati kita sa pagkapanalo ng pangalawang premyo, pakiangkin ang iyong P47,568 na gantimpala sa loob ng pitumpu't dalawang oras", ay isang pangungusap na pasalaysay dahil ito ay naglalahad ng isang pahayag na may layuning magbigay ng impormasyon at humikayat ng aksyon. Ang paksa ay "kita", na tumutukoy sa taong kausap. Ang panaguri ay nagsasaad ng pangalawang premyo at panawagang kunin ang gantimpala na P47,568 sa loob ng pitumpu't dalawang oras. Sa Residue, ang pamuno na "sa pagkapanalo" ang dahilan ng gantimpala, at ang pang-abay na "sa loob |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | (Block)<br>Simuno: Ikaw<br>Panaguri: napili bilang isang masuwerteng gumagamit at may P2,688 na idineposito sa iyong account. Angkinin ang iyong mga gantimpala dito<br><br>(Residue)<br>Pang-abay: dito | Ikaw ay napili bilang isang masuwerteng gumagamit at may P2,688 na idineposito sa iyong account. Angkinin ang iyong mga gantimpala dito: https://bit.ly/3WQlPn1<br>(*Ikaw ay napili bilang isang masuwerteng gumagamit at may P2,688 na idineposito sa iyong account. Claim ang mga reward dito: https://bit.ly/3WQIPn1* )<br>(STM-11) | ng pitumpu't dalawang oras" ang takdang panahon para kunin ito.<br><br>Ang paksa ng pangungusap ay "Ikaw," na tumutukoy sa taong pinatutungkulan ng mensahe. Ang panaguri naman ay "napili bilang isang masuwerteng gumagamit at may P2,688 na idineposito sa iyong account. Angkinin ang iyong mga gantimpala dito," na nagsasalaysay ng kunwari ay magandang balita na ang paksang ikaw ay nakatanggap ng pera at may gantimpalang maaaring kunin. Makikita rin sa pangungusap ang pang-abay na "dito," na tumutukoy sa lugar kung saan inaasahang kukunin ang nasabing gantimpala, na karaniwang isang scam na link o lokasyon online. |

Binibigyang pagpapalawig ng bahaging ito ang isang paraan sa pagsusuri, ang pagsusuring pasalaysay ng mga salita na nagsilbing batayang estratehiya ng mga mandaraya. Upang masuri ay ginamit ang mood types sa scam text messages na natanggap.

Nakalahad sa talahanayan 1.1 ang halimbawa ng paggamit ng pasalaysay na mga salita na proseso sa pagsusuri kung saan ang mga text messages ay sinuri ang mga salitang nakapaloob. Mababanaag na ang kaisipang ito sa salita na: "(Mabisa lamang sa loob ng tatlong araw)" sa mood type na pasalaysay sa mga mapanlinlang na text messages ay isang epektibong estratehiya upang gawing kapani-paniwala at makahikayat ang mensahe. Makikita ito sa pangungusap na "Mabisa lamang sa loob ng tatlong araw" na bahagi ng mensahe. Ang paggamit ng tiyak na limitasyon sa panahon ay lumilikha ng sense of urgency o pakiramdam ng pagmamadali, na nagtutulak sa tatanggap na agad na umaksyon nang hindi na nagsusuri kung totoo ba ang mensahe.

Bukod dito, ang deklaratibong tono ng pahayag ay nagbibigay ng impresyon na ito ay isang lehitimong anunsyo mula sa isang awtoridad, kaya mas nagiging kapanipaniwala ito. Samantala, sa pag-aaral ng block at residue sa sangkap ng block ang parte ng panaguri na "Mabisa lamang sa loob ng tatlong araw" ay nagsisilbing pressure point upang madaliin ang aksyon.

Kunin ang iyong ₱1,776 na gantimpala
(Mabisa lamang sa loob ng tatlong araw)
Pindutin para makuha ang libreng pera ngayon!
Tingnan ang: https://7e.me/?id=728966018…
(STM-01)

Dagdag pa, ang nasa pangalawang halimbawa ay isang uri ng mapanlinlang na reward scam. Nilalayon nitong dayain ang tumatanggap sa pamamagitan ng pagpapanggap bilang isang pagbati ng pagkapanalo sa malaking halaga ng pera. Ang pagbanggit sa eksaktong halagang P47,568 ay idinisenyong magmukhang totoo at lehitimo ang mensahe. Bukod dito, ang paggamit ng salitang "pakiangkin" at ang pang-abay na limitadong panahong "sa loob ng pitumpu't dalawang oras" ay naglalayong magdulot ng pagmamadali sa tatanggap, upang mapilitan ang biktima na agad i-click ang ibinigay na link nang hindi muna nagsusuri o nagdududa.

(Paalala sa gantimpala) Binabati kita sa pagkapanalo
Ng pangalawang premyo, pakiangkin ang iyong P47,568
Na gantimpala sa loob ng pitumpu't dalawang oras:
https://xfhj.win/sqw
(STM-06)

Bukod pa rito, Ang mensaheng "Ikaw ay napili bilang isang masuwerteng gumagamit at may P2,688 na idineposito sa iyong account." Ay isang mapanlinlang na pahayag na ginagamit upang hikayatin ang biktima na maniwala sa isang pekeng transaksyon. Sa pagsusuri gamit ang Blocks at Residue, makikita kung paano ito estratehikong binuo upang manipulahin ang tatanggap. Sa Block, ang simunong "ikaw" ay agarang nagbibigay ng impresyon na ang tatanggap ay may natatanging pribilehiyo, na maaaring magdulot ng kasiyahan at pagtitiwala.

Ikaw ay napili bilang isang masuwerteng
Gumagamit may P2,688 na idineposito
Sa iyong account. Kunin ang iyong mga
Gantimpala dito: https://bit.ly/3WQlPn1...
(STM-11)

Sa kabuoan, sa pamamagitan ng pasalaysay na anyo ng pangungusap, nagmumukhang lehitimo ang mensahe, kaya't mas mataas ang posibilidad na ang biktima ay magbigay ng personal na impormasyon o sundin ang utos ng manloloko. Ang paggamit nang taktika ng kung saan maaaring mapasok ng mandaraya ang isang account ng biktima. Ang pagkakabuo ng pangungusap gamit ang iba't ibang clauses ay nagiging instrumento ng manipulasyon upang linlangin ang mga biktima na magtiwala at kumilos ayon sa nais ng mandaraya.

**Pautos (*Imperative*)**

Isang anyo ng pangungusap na ginagamit upang utusan o hikayatin ang isang tao na gumawa ng isang aksyon. Maaari itong nasa positibong anyo (gawin ito) o negatibong anyo (huwag gawin ito). Sa mga scam messages, madalas itong ginagamit upang pilitin ang tatanggap na kumilos agad nang hindi nag-iisip nang mabuti. Ang ganitong pangungusap ay nagbibigay ng direksyon sa tatanggap na pindutin ang isang link o gumawa ng isang partikular na aksyon. Upang mapanatili ang pagkaapurahan, kadalasang sinasamahan ito ng mga limitasyon sa oras. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng pakiramdam ng pagmamadali ang biktima, kaya't mas malamang na siya ay kumilos agad bago niya mapansin na ito ay isang panloloko. Ito ay isang sikolohikal na taktika na tinatawag na sense of urgency, na ginagamit upang hindi bigyan ng sapat na oras ang biktima na suriin ang tunay na intensyon ng mensahe.

**Talahanayan 1.2 Pautos (*Imperative*)**

| Mood Types | Clauses | Scam Text Messages | Analisis |
|---|---|---|---|
| **Pautos (Imperative)** | (Block)<br>Simuno: ang *link*<br>Panaguri: para makuha ang isang libong libreng diyamante<br>Sa mobile legends<br>Pandiwa: pindutin (positibo)<br><br>(Residue)<br>Pang-abay: isang libong libreng diyamante | "Pindutin ang link na ito para makuha ang isang libong libreng diyamante sa Mobile Legends: https://mlbonus-events.com/claim"<br><br>(*"Pindutin ang link na ito para makuha ang 1,000 Free Diamonds sa Mobile Legends: https://mlbonus-events.com/claim"*)<br>(STM-05) | Ang salitang "Pindutin" ay pautos na nag-uudyok ng agarang aksyon mula sa tumatanggap. Ginagamit ito sa scam text upang pilitin ang mambabasa na i-click ang link nang hindi iniisip ang panganib. Ang paksa ay "ang link," at ang panaguri ay ang dahilan ng utos—"para makuha ang isang libong libreng diyamante." Ang pariralang ito ang pang-abay na nagbibigay ng tukso o pang-akit. Samakatuwid, ang pautos na salita ay taktika ng scam upang manipulahin ang damdamin ng tao at mapilitang kumilos agad. |
| | (Block)<br>Simuno: ang exclusive gun skin<br>Panaguri: magparehistro bago mag alas dose ng tanghali para makuha<br>Pandiwa: magparehistro (positibo) | "Magparehistro bago mag alas dose ng tanghali para makuha ang exclusive gun skin sa CODM: https://codm-events.com/claim" | Ginagamit ang ganitong uri ng pangungusap upang manipulahin ang damdamin ng mambabasa sa pamamagitan ng pagsasama ng pandiwa (magparehistro), tiyak na gantimpala (exclusive gun skin), at limitadong oras (bago mag alas dose ng tanghali) na nagdudulot ng presyon na kumilos agad, madalas itong ginagamit sa |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | (Residue)<br>Pamuno: sa CODM<br>Pang-abay: bago mag alas dose ng tanghali<br><br>(Block)<br>Simuno: Ang iyong account<br>Pandiwa: Buksan (Positibo)<br>Panaguri: makatanggap ng gantimpala na hanggang 1077. Huwag hintaying ito ay mag-expire, kunin na ito<br><br>(Residue)<br>Pamuno: makatanggap ng gantimpala<br>Pang-abay: hanggang 1077 | (*"Mag-register bago mag-12:00 PM para makuha ang exclusive gun skin sa CODM: https://codm-events.com/claim "*)<br>(STM-07)<br><br>Buksan ang iyong account at makatanggap ng gantimpala na hanggang 1077. Huwag hintaying ito ay mag-expire, kunin na ito https://8956691.ltd/wa<br><br>(*Open your account and receive of up to 1077. Don't wait for it, claim it. https://8956691.ltd/wa*)<br>(STM-17) | mga scam o mapanlinlang na mensahe.<br><br>Ang paksa ng pangungusap ay "ang iyong account" na sinundan ng utos na "buksan," isang positibong pandiwa na naghihikayat ng aksyon. Ang panaguri naman ay "makatanggap ng gantimpala na hanggang 1077. Huwag hintaying ito ay mag-expire, kunin na ito," na nagpapakita ng benepisyo ng pagbubukas ng account. Sa residue, ang pamuno ay "makatanggap ng gantimpala" at ang pang-abay na "hanggang 1077" ay naglilimita sa halaga ng gantimpala. Sa kabuuan, hinihikayat ng pangungusap ang mabilis na pagkilos gamit ang mga utos upang makuha ang gantimpala bago ito mag-expire. |

Binibigyang pagpapalawig ng bahaging ito ang isang paraan sa pagsusuri, ang pagsusuring pautos ng mga salita na nagsilbing batayang istratehiya ng mga mandaraya.Upang masuri ay ginamit ang mood types sa scam text messages na natanggap.

Ang mensaheng ito ay gumagamit ng positibong pautos na pandiwa—"pindutin"—na naglalayong himukin ang tatanggap ng mensahe na agad na gumawa ng aksyon. Tulad ng makikita sa talahanayan 1.2, ang paggamit ng ganitong mga salitang pautos ay karaniwang estratehiya sa mga mapanlinlang na text messages upang lumikha ng sense of urgency. Sa pamamagitan ng pagbanggit ng gantimpalang "isang libong libreng diyamante," pinalalakas ang dating ng mensahe bilang isang magandang oportunidad, lalo na sa mga manlalaro ng Mobile Legends. Ang ganitong uri ng pang-abay ay nagbibigay ng tukso o insentibo na maaaring magdulot ng padalus-dalos na desisyon sa tatanggap, kahit hindi pa nabeberipika ang pinanggalingan ng link. Sa kabuuan, ang mensahe ay isang halimbawa ng kung paanong ang mga positibong pandiwa at gantimpala ay ginagamit upang manipulahin ang kilos ng mambabasa.

Pindutin ang link na ito para makuha ang
Isang libong libreng diyamante sa
Mobile Legends: https://mlbonus-events.com/claim
(STM-05)

Dagdag pa, sa pagsusuri ng mga pautos na salita sa mapanlinlang na mensahe, makikita kung paano ito ginagamit upang hikayatin, pilitin, o manipulahin ang biktima na agad na kumilos. Ang salitang "Magparehistro" ay isang positibong pautos na hinihimok ang tatanggap na gumawa ng account. Karaniwan, ito ay ginagamit sa phishing o scam messages upang makuha ang personal na impormasyon ng biktima, tulad ng username, password, o kahit banking details. Dahil nakapaloob ito sa pangungusap na may pangako ng premyo ("makuha ang exclusive gun skin "), nagiging mas kaakit-akit ito sa tatanggap.

Magparehistro bago mag alas dose ng
Tanghali para makuha ang exclusive gun skin sa
CODM: https://codm-events.com/claim
(STM-07)

Bukod pa rito, ang salitang "Buksan" ay isang direktang utos na nagtatangkang himukin ang tatanggap na magbukas ng account sa isang site. Sa konteksto ng scam, madalas itong ginagamit upang itulak ang biktima na maglagay ng kanilang personal na impormasyon, tulad ng login credentials o banking details. Samantala, ang "Kunin" ay isang pautos na pandiwa na ginagamit upang lumikha ng pakiramdam na kailangang kumilos agad, nang hindi na nagsusuri ng detalye. Ginagamit ito upang palakasin ang pagnanais ng tatanggap na makuha ang iniaalok na gantimpala.

Ang koneksyon ng dalawang pautos na salita ay malinaw ang buksan" ay ang unang hakbang na hinihingi sa biktima, habang ang "kunin" ay ang pangalawang aksyon na nagpapatibay sa ideya na may makukuha siyang benepisyo. Ang paggamit ng pananakot ng expiration ay isang tipikal na taktika upang pilitin ang tatanggap na huwag mag-atubiling sundin ang utos.

Sa pagsusuri gamit ang blocks and residue, parehong positibo ang pandiwa na "Buksan" at "Kunin" dahil ito ay nag-uudyok ng agarang aksyon. Ang panaguri ("Ang iyong account, ng gantimpala na hanggang 1077, ito ay mag-expire") ay nagbibigay ng ilusyon na may lehitimong gantimpala na dapat makuha. Samantala, ang pang-abay na "hanggang 1077" ay lumilikha ng sense of urgency, kung saan ipinaparamdam sa biktima na may limitadong oras lamang siya upang kumilos.

Buksan ang iyong account at makatanggap
Ng gantimpala na hanggang 1077. Huwag
Hintaying ito ay mag-expire, kunin na ito
https://8956691.ltd/wa...
(STM-17)

Sa pangkalahatan, ang paggamit ng pautos na tono sa scam text ay isang estratehikong paraan upang hikayatin ang agarang aksyon ng tumatanggap, gamit ang mga salitang nagpapahiwatig ng pagmamadali na maaaring humantong sa panlilinlang at pandaraya. Isang estratehiya upang manipulahin ang emosyon at aksyon ng tatanggap, na maaaring humantong sa panloloko o pandaraya. Bumuo ng mapanghikayat at madaliang utos sa pamamagitan ng wastong kombinasyon ng simuno, pandiwa, at pang-abay, napapalakas ang mensaheng nag-uudyok sa tumatanggap na agad na kumilos, na maaaring humantong sa panlilinlang o pandaraya.

**Padamdam (*Exclamative*)**

Ang padamdam ay ginagamit upang ipahayag ang matinding damdamin tulad ng tuwa, gulat, o pagkataranta. Madalas itong ginagamitan ng tandang padamdam (!) upang mapalakas ang emosyonal na epekto ng mensahe. Ang ganitong klase ng mensahe ay naglalayong pukawin ang emosyon ng tatanggap upang siya ay makaramdam ng kasiyahan at excitement. Kapag ang isang tao ay nakakaramdam ng labis na saya o pagkasabik, kadalasan ay nagiging mas impulsibo siya at hindi na muna nagsusuri kung totoo o peke ang mensahe. Ito ang dahilan kung bakit ang mga scam messages ay gumagamit ng ganitong estilo—upang makontrol ang emosyon ng biktima at itulak siyang gumawa ng agarang aksyon nang hindi muna nagdududa.

**Talahanayan 1.3 Padamdam (*Exclamative*)**

| Mood Types | Clauses | Scam Text Messages | Analisis |
|---|---|---|---|
| **Padamdam (Exclamative** | (Block)<br>Simuno: Ang iyong balance<br>Panaguri:<br>Kapana-panabik na impormasyon!, nadagdagan ng P3,777 kasama ang isang karagdagang gantimpala. Tiyakin ang iyong pondo kaagad! Pindutin dito<br>Pandiwa: pindutin (positibo)<br><br>(Residue)<br>Pamuno: kasama ang isang karagdagang gantimpala<br>Pang-abay: kaagad, dito<br><br>(Block)<br>Simuno: Ikaw<br>Panaguri: napili! Kunin ang iyong libreng ₱58 sa pamamagitan ng simpleng pag-sign up nang libre na walang anumang limitasyon. Kumilos agad bago ito mag-expire<br>Pandiwa: Kunin, (Positibo) | "Kapana-panabik na impormasyon! Ang iyong balance ay nadagdagan ng P3,777 kasama ang isang karagdagang gantimpala. Tiyakin ang iyong pondo kaagad! Pindutin dito: https://bit.ly/3CDC1CC"<br><br>(*Exciting information! Your balance has been increased by ₱3,777 along with an additional reward. Secure your funds immediately! Click here: https://bit.ly/3CDC1CC*)<br>(STM-48)<br><br>"Ikaw ay napili! Kunin ang iyong libreng ₱58 sa pamamagitan ng simpleng pag-sign up nang libre na walang anumang limitasyon. Kumilos agad bago ito mag-expire: https://lvejll.club" | "Kapana-panabik na impormasyon!" Isa na namang emosyonal na pahayag na naglalayong pukawin ang pagkasabik ng biktima. Kapag narinig ang salitang "kapana-panabik", madalas nagkakaroon ng gusto agad malaman kung ano.<br><br>Ang salitang "Ikaw ay napili!" Ginagamit upang bigyan ng pagkapanabik ang biktima at paniwalain siyang espesyal o maswerte. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | (Residue)<br>Pamuno: walang anumang limitasyon<br>Pang-abay: Sa pamamagitan ng simpleng pag-sign up, bago<br><br>(Block)<br>Simuno: Binabati kita sa pagkapanalo<br>Panaguri: pangalawang premyo! Pakikuha ang iyong ₱47,568 na gantimpala sa loob ng 72 oras<br>Pandiwa: Pakikuha (Positibo)<br><br>(Residue)<br>Pang-abay: Sa loob ng 72 oras | (*You've been selected! Claim your free ₱58 by simply signing up for free with no restrictions. Act now before it expires: https://lvejll.club* )<br><br>(STM-13)<br><br>"(Paalala sa Gantimpala) Binabati kita sa pagkapanalo ng pangalawang premyo! Pakikuha ang iyong ₱47,568 na gantimpala sa loob ng 72 oras: https://xfhj.win/sgw"<br><br>( (*Prize Reminder) Congratulations on winning the second prize! Please claim your ₱47,568 reward within 72 hours: https://xfhj.win/sgw*)<br><br>(STM-15) | Ang " pangalawang premyo!" Ginagamit upang lumikha ng kasabikan at gawing kapani-paniwala ang panloloko. |

Binibigyang pagpapalawig ng bahaging ito ang isang paraan sa pagsusuri, ang pagsusuring padamdam ng mga salita na nagsilbing batayang estratehiya ng mga mandaraya.Upang masuri ay ginamit ang mood types sa scam text messages na natanggap.

Nakalahad sa talahanayan 1.3 ang halimbawa ng paggamit ng padamdam na mga salita na proseso sa pagsusuri kung saan ang mga text messages ay sinuri ang mga salitang nakapaloob. Mababanaag na ang kaisipang ito sa salita na: Ang mensahe ay gumagamit ng padamdam na pananalita upang pukawin ang emosyon ng tatanggap at hikayatin itong agad na kumilos. Ang paggamit ng salitang "Kapana-panabik na impormasyon!" ay naglalayong lumikha ng excitement at interes, na siyang madalas na ginagamit sa mga mapanlinlang na mensahe upang mapalakas ang pakiramdam na isang bihirang pagkakataon ito. Ang "Ang iyong balance ay nadagdagan ng P3,777 kasama ang isang karagdagang gantimpala" ay nagbibigay ng ilusyon ng malaking benepisyo, na nagpapalakas ng pagnanais ng biktima na kunin ito kaagad. Samantala, ang "Tiyakin ang iyong pondo kaagad!" ay isang tahasang utos na sinasamahan ng pang-abay na "sa loob" upang lumikha ng sense of urgency o pagmamadali. Ang "Pindutin dito" ay nagsisilbing huling hakbang upang mahimok ang tatanggap na i-click ang link nang hindi pinag-iisipang mabuti ang pagiging lehitimo nito.

Sa pagsusuri gamit ang Blocks and Residue, ang Simuno ay "Ang iyong balance," na siyang pokus ng mensahe. Ang Pandiwa ay "Pindutin," na isang positibong utos upang pilitin ang pagkilos. Ang Panaguri ay "Ng P3,777 kasama ang isang karagdagang gantimpala," na naglalaman ng mapanlinlang na pangako. Ang Pamuno ay "Balance," na nagpapalakas ng ideya na may tunay na perang natanggap. Samantala, ang Pang-abay na "kaagad" ay ginagamit upang pagmukhaing limitado ang oras upang hindi na suriin ng biktima ang katotohanan ng mensahe.Ang paggamit ng padamdam na pananalita sa ganitong uri ng scam message ay isang epektibong estratehiya upang pukawin ang emosyon, lumikha ng excitement, at pilitin ang biktima na kumilos agad nang hindi nag-iisip nang kritikal. Sa pagsusuri gamit ang Blocks and Residue, ang Simuno ay "Ang iyong balance," na siyang pokus ng mensahe. Ang Pandiwa ay "Pindutin," na isang positibong utos upang pilitin ang pagkilos. Ang Panaguri ay "Ng P3,777 kasama ang isang karagdagang gantimpala," na naglalaman ng mapanlinlang na pangako. Ang Pamuno ay "Balance," na nagpapalakas ng ideya na may tunay na perang natanggap. Samantala, ang Pang-abay na "kaagad" ay ginagamit upang pagmukhaing limitado ang oras upang hindi na suriin ng biktima ang katotohanan ng mensahe.

Kapana-panabik na impormasyon!
Ang iyong balance ay nadagdagan ng
P3,777 kasama ang isang karagdagang
Gantimpala. Tiyakin ang iyong pondokaagad!
Pindutin dito:https://bit.ly/3CDC1CC…
(STM-48)

Dagdag pa, ang mga salitang tulad ng "Ikaw ay napili!" ay dinisenyo upang pukawin ang emosyon ng tatanggap—maaaring excitement, tuwa, o panghihinayang kung sakaling hindi niya ito samantalahin. Ang ganitong estratehiya ay epektibong ginagamit sa mga scam messages upang gawin itong mas kapanipaniwala at hikayatin ang mabilis na pagkilos. Ang paggamit ng padamdam sa ganitong konteksto ay nagpapalakas ng paniniwala ng biktima na siya ay espesyal o maswerte, kaya't nagiging mas madali siyang mahulog sa bitag ng scam. Kapag ang emosyon ng isang tao ay naaapektuhan, mas bumababa ang kanyang kakayahang magsuri nang kritikal, kaya nagiging mas madali para sa mga manloloko na manipulahin siya.

Sa Block and Residue ang pandiwa tulad ng "Kunin" at "Kumilos agad" ay nagpapahiwatig ng agarang aksyon na kailangang gawin ng tatanggap. Samantala, ang panaguri na "Ang iyong libreng ₱58 sa pamamagitan ng simpleng pag-sign up, agad" ay nagpapakita ng premyo o gantimpala na tila madaling makuha. Ang pamuno ay "Ang iyong libreng ₱58," na naglalayong gawing personal at tiyak ang alok. Samantala, ang pang-abay na "Sa pamamagitan ng simpleng pag-sign up, bago ito mag-expire" ay lumikha ng sense of urgency upang ang tatanggap ay hindi na mag-isip nang matagal at agad na sumunod.

Ikaw ay napili! Kunin ang iyong libreng ₱58
Sa pamamagitan ng simpleng pag-sign up
Nang libre na walang anumang limitasyon.
Kumilos agad bago ito mag-expire:
https://lvejll.club...
(STM-13)

Bagaman ang salitang " pangalawang premyo" ay dinisenyo upang pukawin ang kasabikan at kagalakan, na maaaring magdulot ng agarang aksyon mula sa biktima. Sa ganitong uri ng mensahe, ginagamit ang positibong damdamin upang hadlangan ang kritikal na pag-iisip, kaya't mas nagiging madali para sa mga manloloko na hikayatin ang biktima na sundin ang utos, tulad ng pagkuha ng gantimpala o pag-click sa isang link.ang padamdam sa mensaheng ito ay ginagamit upang magbigay ng ilusyon ng swerte at eksklusibidad, na isang pangkaraniwang estratehiya sa mga scam. Kapag ang biktima ay nadadala ng damdamin ng kasabikan o pagmamadali, bumababa ang kanyang abilidad na magsuri kung totoo ba ang mensahe, kaya mas madali siyang mahulog sa panloloko.

Sa pagsusuring Blocks and Residue, ang pandiwa na "Kunin" ay may positibong tono, na nagpapahiwatig ng aksyon na tila pabor sa tatanggap. Ang panaguri naman ay tumutukoy sa "pangalawang premyo" at "gantimpala sa loob ng 72 oras", na lumilikha ng impresyon na ito ay isang natatanging pagkakataon na kailangang samantalahin. Sa Residue, ang pamuno na "Pangalawang premyo" ay naglalayong bigyang-diin ang ideya na ang tatanggap ay isang nanalo, habang ang pang-abay na "sa loob ng 72 oras" ay nagdadagdag ng sense of urgency, na nagpipilit sa biktima na kumilos agad bago mahuli ang pagkakataon.

(Paalala sa Gantimpala) Binabati kita sa
Pagkapanalo ng pangalawang premyo!
Pakikuha ang iyong ₱47,568 na
Gantimpala sa loob ng 72 oras:
https://xfhj.win/sgw...
(STM-15)

Sa kabuuan, ang padamdam sa mga scam messages ay hindi lamang ginagamit upang magbigay ng impormasyon kundi upang manipulahin ang emosyon ng biktima. Sa pamamagitan ng pagpaparamdam na sila ay nanalo, may espesyal na premyo, o may limitadong oras para makuha ito, nagiging mas madali para sa mga scammer na hikayatin ang tatanggap na sundin ang kanilang mga utos. Ang ganitong estratehiya ay nagbabalat-kayong positibo at kapanapanabik, ngunit sa likod nito ay isang mapanlinlang na panawagan na maaaring humantong sa pagkawala ng personal na impormasyon o pera.

Ikalawang katanungan sa pananaliksik: Ano-ano ang mga salitang matatagpuan sa scam text messages na napabilang sa pangangailangan, pagkakataon, at pagbibigay katwiran ng mandaraya?

Ang pagsusuri na ito ay gumamit ng modelo ng Fraud Triangle ni Cressy (1953). Isang modelo na nagpapaliwanag kung bakit nagaganap ang pandaraya o panloloko (*fraud*). Ito ay may tatlong pangunahing element nan angkla sa isang domain ang sikolohiyang pang-asal kung bakit dapat na umiiral para maganap ang pandaraya kabilang ang panggigipit (*pressure*), pagkakataon (*oppportunity*), at Pagbibigay-katwiran (*Rationalization*).

Nakalahad sa talahanayan 2.1 ang mga salitang nasuri na matutukoy sa pagtuklas kung ano-ano ang kadahilanan na nagtulak sa paggawa ng pandaraya tulad ng pangangailangan sa pera, pagkakaon na makuha ang loob ng bibiktimahin, at kunwaring pagamit ng pangalan ng tao o produkto at iba pa para sa benepisyo.

**Panggigipit (*Pressure*)**

Sa konteksto ng scam analysis, ang panggigipit (*pressure*) ay tumutukoy sa dahilan o motibo ng scammer sa paggawa ng pandaraya. Ito ang nag-uudyok sa kanila na mandaya, na maaaring dahil sa personal na pangangailangan, pinansyal na problema, o kagustuhang kumita ng mabilis sa ilegal na paraan.

**Talahanayan 2.1 Panggigipit (*Pressure*)**

| Elemento ng Pandaraya | Scam Text Messages | Ginamit na Salita | Analisis |
|---|---|---|---|
| **Panggigipit (*Pressure*)** | "Binabati kita! ₱100 ay na-credit na sa iyong account. At maaari kang manalo ng gantimpala na hanggang ₱7777, limitadong oras na kaganapan! Dx1093.789TAYAvip7.com"<br><br>(*Congratulations! ₱100 has been credited to your account. And you could win a reward of up to ₱7,777 — a limited-time event! Dx1093.789TAYAvip7.com*) (STM-03) | "limitadong oras na kaganapan!" | Ang salitang "limitadong oras na kaganapan" ay napabilang sa panggigipit (pressure) dahil ito ay lumilikha ng pakiramdam ng pagmamadali at panggigipit sa tatanggap ng mensahe. Sa paggamit ng salitang "limitado," ipinapahiwatig na may hangganan ang alok, kaya naiisip ng biktima na dapat siyang kumilos kaagad bago ito mawala. Dahil dito, nagkakaroon siya ng takot na mawalan ng oportunidad, kaya maaaring hindi na niya pag-isipan kung totoo o lehitimo ba ang mensahe. Sa ganitong paraan, napapabilis ang kanyang desisyon nang hindi muna nagsusuri. |
| | "Makipag-ugnayan sa online customer service CS 24/7 upang makuha. I-download ang APP para mag-apply at makatanggap ng random na libreng dagdag na gantimpala na 6.66ü666p"<br><br>(*Contact online customer service (CS) 24/7 to claim. Download the app to apply and receive a random free bonus reward of 6.66ü666p.*) (STM-12) | "Makipag-ugnayan sa CS 24/7 upang makuha." | Ang pahayag na "Makipag-ugnayan sa CS 24/7 upang makuha" ay napabilang sa pangigipit sapagkat ginagamit ito upang bigyan ng impresyon ang biktima na kailangang kumilos agad upang makuha ang gantimpala. Ang paggamit ng salitang "makipag-ugnayan" ay nagpapahiwatig na ang biktima ay kailangang sumunod sa isang proseso na maaaring humantong sa pagbibigay ng kanilang personal na impormasyon o paggawa ng isang aksyon na pabor sa manloloko. |
| | "Bibigyan ka ng 10% na gantimpala sa bawat muling pagkarga mo. 888K Super Grand Prize Kung matalo ka, may rescue reward fund. WIN88 Google:win99pub"<br><br>(*You'll receive a 10% bonus for every reload. 888K Super Grand Prize! If you lose, there's a rescue reward fund. WIN88 Google: win99pub*) (STM-51) | "Kung matalo ka, may rescue reward fund." | Ang pahayag na "kung matalo ka, may rescue reward fund" ay napabilang sa pangigipit dahil ito ay nagpapahayag ng pangako ng gantimpala at seguridad upang hikayatin ang biktima na magpatuloy sa isang aktibidad, tulad ng pagsusugal o pamumuhunan. Sa ganitong paraan, ang biktima ay nagkakaroon ng impresyon na walang talo sa alok ng scammer, kaya mas madaling mahikayat na sumubok at ipagpatuloy ang kanilang ginagawa. |

Binibigyang pagpapalawig ng bahaging ito ang isang paraan sa pagsusuri, ang pagsusuring panggigipit (*pressure*) ng mga salita na nagsilbing batayang estratehiya ng mga mandaraya.Upang masuri ay ginamit ang fraud triangle sa scam text messages na natanggap.

Nakalahad sa talahanayan 2.1 ang halimbawa ng salitang nakapaloob o napabilang sa pangangailangan (pressure). Ginamit ang mga salitang "limitadong oras na kaanapan!" upang lumikha ng pakiramdam ng pangangailangan o pressure sa target na biktima. Ang "limitadong oras" ay nagpapahiwatig na may takdang panahon lamang ang alok, kaya nagkakaroon ng pagmamadali at pangamba ang biktima na baka mawalan siya ng oportunidad. Samantala, ang "kaganapan!" ay nagdaragdag ng sense of urgency o pagkaapurado, na parang may isang mahalagang bagay na hindi dapat palampasin. Dahil sa paggamit ng ganitong salita, maaaring hindi na pag-isipan ng biktima kung totoo o lehitimo ang mensahe, sapagkat natatakot siyang makaligtaan ang isang pagkakataon. Ito ay isang sikolohikal na taktika upang mapilitan ang tao na kumilos agad nang hindi muna nagsusuri.

Binabati kita! ₱100 ay na-credit na sa iyong account.
At maaari kang manalo ng gantimpala na hanggang ₱7777,
Limitadong oras na kaganapan! Dx1093.789TAYAvip7.com
(STM-03)

Daggdag pa, sa mensaheng ito, ginamit ang mga salitang "Makipag-ugnayan sa CS 24/7 upang makuha" upang lumikha ng pressure o panggigipit na agad kumilos ang biktima. Ang "makipag-ugnayan" ay nagpapahiwatig na kailangang may gawin ang biktima, habang ang "CS 24/7 upang makuha" ay naglalagay ng impresyon na ang alok ay madaling makuha kung agad na kikilos. Samantala, ang "libreng gantimpala" ay ginagamit upang bigyan ang biktima ng pakiramdam na may natatanging pagkakataon siyang hindi dapat palampasin. Dahil dito, maaaring hindi na siya magduda at agad na sumunod sa mga hinihinging aksyon, tulad ng pagbibigay ng personal na impormasyon. Ang ganitong taktika ay naglalayong mapabilis ang desisyon ng biktima nang hindi muna ito nag-iisip nang mas malalim, na maaaring humantong sa panloloko.

Makipag-ugnayan sa online customer service
CS 24/7 upang makuha. I-download ang APP
Para mag-apply at makatanggap ng random
Na libreng dagdag na gantimpala na 6.66ü666p
(STM-12)

Bagaman ang salitang Ang pahayag na "Kung matalo ka, may rescue reward fund." Ay isang taktika ng panloloko na naglalayong pahinain ang takot ng biktima sa pagkawala. Sa paggamit ng salitang "rescue reward fund," nililikha ng scammer ang ilusyon na kahit matalo ang biktima, mayroon pa rin siyang makukuhang benepisyo. Dahil dito, nagkakaroon ng maling paniniwala ang biktima na wala siyang talo, kaya mas nalululong siya sa alok nang hindi gaanong pinag-iisipan ang mga posibleng panganib. Ang ganitong estratehiya ay madalas gamitin upang mapanatili ang interes ng biktima at hikayatin siyang ipagpatuloy ang kanyang pagsali, na sa huli ay maaaring humantong sa pananamantala o pandaraya.

Bibigyan ka ng 10% na gantimpala sa bawat
Muling pagkarga mo. 888K Super Grand
Prize Kung matalo ka, may rescue
Reward fund. WIN88 Google:win99pub
(STM-51)

Sa kabuuan ng mga salitang ginamit sa opportunity o pagkakataon sa scam text, makikita na ang mga scammer ay gumagamit ng mga pahayag na nagpapakita ng isang tila magandang alok na mahirap tanggihan. Karaniwan, ginagamit nila ang mga salitang tulad ng "limitadong alok," "exclusive para sa iyo," o "huwag palampasin ang pagkakataon na ito." Ang ganitong uri ng pananalita ay naglalayong lumikha ng ilusyon na ang biktima ay may natatanging pagkakataon na hindi dapat sayangin. Bukod dito, sinasamantala rin ng mga scammer ang emosyon ng biktima, tulad ng pagnanais na kumita ng pera, makakuha ng premyo, o mapabuti ang kanilang kalagayan sa buhay. Sa ganitong paraan, nagiging mas madaling mahikayat ang biktima na kumilos nang hindi muna nagsusuri kung totoo o lehitimo ang alok, na siyang pangunahing layunin ng pandaraya.

**Pagkakataon (*Opportunity*)**

Ang pagkakataon o opportunity sa konteksto ng pandaraya ay tumutukoy sa mga sitwasyong nagbibigay-daan sa scammer upang maisagawa ang kanilang panloloko. Ito ay maaaring dahil sa kakulangan ng kaalaman ng biktima, tiwala sa maling impormasyon, o mga sistemang mahina sa seguridad. Ang mga scammer ay kadalasang naghahanap ng pagkakataon kung kailan ang kanilang target ay madaling mahikayat, tulad ng kapag nagmamadali, nangangailangan ng pera, o hindi lubos na nakakapag-isip nang malinaw. Sa pamamagitan ng paglikha ng pekeng oportunidad o pagmamanipula ng impormasyon, napapaniwala nila ang biktima na may magandang alok na hindi dapat palampasin, kahit ito ay isang bitag.

**Talahanayan 2.2 Pagkakataon (*Opportunity*)**

| Elemento ng Pandaraya | Scam Text Messages | Ginamit na salita | Analisis |
|---|---|---|---|
| **Pagkakataon (*Opportunity*)** | "Kapana-panabik na impormasyon! Ang iyong balance ay nadagdagan ng P3,777 kasama ang isang karagdagang gantimpala. Tiyakin ang iyong pondo kaagad! Pindutin dito: https://bit.ly/3CDC1CC"<br><br>(*Exciting news! Your balance has been increased by ₱3,777 along with an additional reward. Secure your funds immediately! Click here: https://bit.ly/3CDC1CC*) (STM-49) | " nadagdagan ng P3777." | Ang pahayag na "Ang iyong balance ay nadadagdagan ng P3,777." ay napabilang sa pagkakataon (opportunity) sapagkat ito ay nagbibigay ng ilusyon na mayroong madaling paraan upang makakuha ng dagdag na pera. Sa pamamagitan ng ganitong uri ng mensahe, nalilikha ang isang sitwasyon kung saan ang biktima ay nagkakaroon ng pagkakataong makinabang nang hindi kinakailangang maglagay ng malaking puhunan o pagsisikap. Ito ay isang paraan upang gawing kapanipaniwala ang scam at hikayatin ang biktima na kumilos kaagad, lalo na kung may kasamang link na kailangang pindutin. |
| | "Suwerte sa inyong panig! P88,888 VIP Golden Eggs ay naghihintay para sa inyo! Mag-Log in, kolektahin ang inyong mga reward, at i-roll para sa P8,888 sa Novice Bonuses! Kumilos nang mabilis! _apkapp.vip/_LA3"<br><br>(*Luck is on your side! ₱88,888 VIP Golden Eggs are waiting for you! Log in, collect your rewards, and roll for ₱8,888 in Novice Bonuses! Act fast! _apkapp.vip/_LA3*) (STM-45) | "P88,888 VIP Golden Eggs" | Ang mensaheng "P88,888 VIP Golden Eggs" ay napabilang sa pagkakataon (opportunity) sapagkat ito ay nagpapakita ng isang tila natatanging alok na maaaring makuha ng isang indibidwal kung sila ay sasali o mag-aavail ng inaalok na serbisyo. Ang ganitong uri ng mensahe ay nagbibigay ng ilusyon ng eksklusibong benepisyo upang hikayatin ang biktima na kumilos kaagad, madalas nang hindi muna nag-iisip ng mabuti o nagsusuri kung ito ba ay lehitimo. |
| | "Kunin ang iyong libreng P37 & P58! Magsaya sa araw-araw na dagdag gantimpala na hanggang P9600 at isang 150% na dagdag gantimpala sa muling pagkarga! Kumilos ngayon! https://zcwe.de"<br><br>(*Claim your free ₱37 & ₱58! Enjoy daily bonus rewards of up to ₱9,600 and a 150% extra bonus on reload! Act now! https://zcwe.de*) (STM-34) | "Libreng P37 & P58!" | Ang pahayag na "Libreng P37 & P58!" ay napabilang sa pagkakataon (opportunity) sapagkat ito ay nag-aalok ng insentibo na tila isang bihirang pagkakataon para sa biktima. Ang ganitong mensahe ay naglalayong kumbinsihin ang target na makilahok sa alok sa pamamagitan ng paglalagay ng pangakong gantimpala o benepisyo kapalit ng isang aksyon, tulad ng muling pagkarga ng pera sa isang account. Ito ay isang estratehiya upang makuha ang tiwala at interes ng biktima, lalo na kung ito ay naghahangad ng mabilisang tubo o benepisyo. |

Binibigyang pagpapalawig ng bahaging ito ang isang paraan sa pagsusuri, ang pagsusuring pagkakataon (*opportunity*) ng mga salita na nagsilbing batayang estratehiya ng mga mandaraya.Upang masuri ay ginamit ang fraud triangle sa scam text messages na natanggap.

Nakalahad sa 2.2 ang halimbawa ng salitang nakapaloob o napabilang sa pagkakataon (*opportunity*). Sa mensaheng ito, ginamit ang mga salitang " nadadagdagan ng P3,777" upang lumikha ng ilusyon ng isang pambihirang pagkakataon o opportunity para sa biktima. Ang ganitong pananalita ay naglalayong hikayatin ang tao na maniwala na mayroon silang agarang benepisyo na hindi nila kailangang paghirapan. Dahil sa pangako ng madaliang pagdagdag ng pera, maaaring hindi na nila pag-isipan kung ito ay totoo o hindi. Sa ganitong paraan, ginagamit ng mga scammer ang kasabikang makakuha ng dagdag na halaga upang himukin ang biktima na magbigay ng personal na impormasyon o sundin ang kanilang utos, na maaaring humantong sa panloloko o pagnanakaw ng pera.

Kapana-panabik na impormasyon!
Ang iyong balance ay nadagdagan ng P3,777
Kasama ang isang karagdagang gantimpala.
Tiyakin ang iyong pondo kaagad!
Pindutin dito: https://bit.ly/3CDC1CC
(STM-49)

Sa mensaheng ito, ginamit ang pariralang "P88,888 VIP Golden Eggs" upang lumikha ng impresyon ng isang bihirang pagkakataon o opportunity. Ipinapakita nito na may eksklusibong gantimpala na naghihintay para sa mga baguhang sasali o mag-aavail ng isang serbisyo. Ang ganitong paraan ng pananalita ay naglalayong hikayatin ang biktima sa pamamagitan ng ilusyon ng madaling kita o benepisyo. Dahil sa tila limitadong alok, maaaring magmadali ang isang indibidwal na sumali nang hindi muna nagsusuri kung ito ay lehitimo, kaya't nagiging epektibong taktika ito ng mga manloloko upang mahikayat ang kanilang target na kumilos agad.

Suwerte sa inyong panig! P88,888 VIP Golden Eggs
Ay naghihintay para sa inyo! Mag-Log in,kolektahin
Ang inyong mga reward, at -roll para sa P8,888
Sa Novice Bonuses! Kumilos nang mabilis!
_apkapp.vip/_LA3
(STM-45)

Bagaman ang mensaheng ito, ginamit ang salitang " libreng P37 & P58!" upang lumikha ng ilusyon ng isang pambihirang pagkakataon o opportunity para sa biktima. Ang ganitong pananalita ay nag-aalok ng tila malaking insentibo kapalit ng isang simpleng aksyon, tulad ng muling pag-reload ng pera sa isang account. Dahil sa pangakong dagdag na gantimpala, maaaring isipin ng biktima na ito ay isang bihirang oportunidad na hindi dapat palampasin. Sa ganitong paraan, nagagamit ng mga mandaya ang panghihikayat sa pamamagitan ng pekeng benepisyo upang mahikayat ang biktima na magdeposito ng pera, na posibleng hindi na nila mabawi.

Kunin ang iyong libreng P37 & P58!
Magsaya sa araw-araw na dagdag gantimpala
Na hanggang P9600 at isang 150% na dagdag
Gantimpala sa muling pagkarga! Kumilos
! https://zcwe.de
(STM-34)

Sa pangkalahatan, ang mga salitang ginamit sa kategoryang opportunity sa mga scam text ay naglalayong lumikha ng ilusyon ng isang bihira at espesyal na pagkakataon na hindi dapat palampasin. Karaniwan, ginagamit ang mga salitang tulad ng "dagdag na gantimpala," "exclusive bonus," "madaling kita," at "limitadong alok" upang kumbinsihin ang target na biktima na may isang napakagandang oportunidad na naghihintay para sa kanila. Sa pamamagitan ng ganitong paraan, ang biktima ay naiimpluwensiyahan na kumilos agad, madalas nang hindi muna nagsusuri ng kredibilidad ng alok.

**Pagbibigay-katwiran (*Rationalization*)**

Ang pagbibigay-katwiran o rationalization ay isang proseso kung saan ang isang tao ay naghahanap ng dahilan o paliwanag upang gawing katanggap-tanggap ang isang kilos o desisyon, kahit na ito ay maaaring hindi tama o makatwiran. Sa konteksto ng panloloko o scam, ginagamit ito ng mga manloloko upang bigyang-diin na ang kanilang ginagawa ay hindi masama o ilegal, kundi isang lehitimong oportunidad o isang normal na transaksyon.

**Talahanayan 2.3 Pagbibigay-katwiran (*Rationalization*)**

| Elemento Ng Pandaraya | Scam Text Messages | Ginamit na salita | Analisis |
|---|---|---|---|
| **Pagbibigay-katwiran (Rationalization)** | Tingnan ang rebate bonus, sa bawat laro mo ay makakakuha ka ng 0.6 araw - araw, 0.2% lingguhan at mayroon pang 0.1% buwanan! http://fdsv03.contact"<br><br>(*Check out the rebate bonus—every game you play earns you 0.6 % daily, 0.2 % weekly, and an additional 0.1 % monthly!*)<br>(STM-30) | "Sa bawat laro mo ay makakakuha ka ng 0.6 araw – araw, 0.2% lingguhan at mayroon pang 0.1% buwanan!" | Ang mensaheng "sa bawat laro mo ay makakakuha ka ng 0.6 araw – araw, 0.2% lingguhan at mayroon pang 0.1% buwanan!" ay napabilang sa pagbibigay-katwiran (rationalization) dahil ito ay nag-aalok ng isang dahilan o katuwiran upang mahikayat ang biktima na patuloy na sumali o maglaro. Sa pamamagitan ng pagbibigay sa bawat laro ay makakakuha ng 0.6 araw – araw, 0.2% lingguhan at mayroon pang 0.1% buwanan! ng tila pinapaniwala ang biktima na hindi sila lubos na matatalo dahil may bumabalik na bahagi ng kanilang perang ginamit. Ito ay isang paraan upang gawing makatarungan o katanggap-tanggap ang patuloy na paggastos ng biktima, kahit na sa realidad, mas malaki pa rin ang kanilang nawawala kaysa sa naibabalik sa kanila. |
| | "Naipadala na ang VIP weekly bonus, ang kabuuang recharge ngayon ay makatatanggap ng dagdag na 10% djeufea.com"<br><br>(*The VIP weekly bonus has been sent. The total recharge today will receive an additional 10%! Djeufea.com*)<br>(STM-25) | "ang kabuuang recharge ngayon ay makatatanggap ng dagdag na 10%" | Ang mensaheng "ang kabuuang recharge ngayon ay makatatanggap ng dagdag na 10%" ay napabilang sa pagbibigay-katwiran (rationalization) dahil ginagamit ito upang bigyang-katwiran ang patuloy na pagsali ng biktima sa scam. Sa pamamagitan ng pag-aalok ng lingguhang bonus, tila ipinapakita na may benepisyo ang patuloy na paggamit ng serbisyo, kahit na sa realidad, mas malaki pa rin ang perang naibibigay ng biktima kaysa sa natatanggap nilang bonus. |
| | "Magandang balita! Naipadala na ang iyong VIP gantimpala. Mag-top | | Ang mensaheng ito ay napabilang sa Pagbibigay-katwiran o rationalization dahil gumagamit ito ng paliwanag upang mahikayat ang tumatanggap na magsagawa ng isang aksyon—ang mag-top up. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | up ngayon at makakuha ng dagdag na sampung porsyentong karagdagang gantimpala! (10%) Djeufea.com"<br><br>(*Good news! Ang iyong VIP rewards ay naipadala na. Mag-top up ngayon at makakuha ng extra 10% bonus! Djeufea.com*) (STM-28) | "dagdag na sampung porsyentong karagdagang gantimpala! (10%)" | Sa pamamagitan ng pagbanggit na naipadala na ang VIP rewards at may karagdagang 10% bonus na matatanggap, binibigyan ng dahilan ang tumatanggap kung bakit makabubuti ang mag-top up ngayon. Ipinapakita ng mensahe na may malinaw na benepisyo sa paggawa ng aksyon, kaya't nagiging makatuwiran at kaakit-akit ito sa paningin ng mambabasa. |

Binibigyang pagpapalawig ng bahaging ito ang isang paraan sa pagsusuri, ang pagsusuring panggigipit (*Pressure*) ng mga salita na nagsilbing batayang estratehiya ng mga mandaraya.Upang masuri ay ginamit ang fraud triangle sa scam text messages na natanggap.

Sa talahanayan 2.3 ang halimbawa ng salitang nakapaloob o napabilang sa pagbibigay-katwiran (*Rationalization*). Ang salitang ginamit sa konteksto ng pagbibigay-katwiran sa scam text ay naglalayong bigyan ng paliwanag o dahilan ang isang mapanlinlang na alok upang ito ay maging katanggap-tanggap sa biktima. Halimbawa, sa paggamit ng pariralang "sa bawat laro mo ay makakakuha ka ng 0.6 araw – araw, 0.2% lingguhan at mayroon pang 0.1% buwanan!" ipinapahiwatig na may makukuhang benepisyo o balik ang isang tao mula sa perang inilagay nila. Ang ganitong taktika ay isang anyo ng rationalization dahil ipinapakita nito na may dahilan para magpatuloy ang biktima sa pakikilahok, kahit na sa realidad ay posibleng mas marami silang mawawala kaysa makuha.

Tingnan ang rebate bonus, sa bawat laro mo
ay makakakuha ka ng 0.6 araw - araw, 0.2%
lingguhan at mayroon pang 0.1% buwanan!
http://fdsv03.contact
(STM-30)

Dagdag pa, ang salitang ginamit sa pagbibigay-katwiran sa scam text ay naglalayong gawing makatwiran at katanggap-tanggap ang panloloko sa pamamagitan ng pag-alok. Sa paggamit ng ganitong termino, tila ipinapakita na may eksklusibong benepisyo ang mga taong patuloy na maglalagay ng pera sa sistema. Ang pariralang "ang kabuuang recharge ngayon ay makatatanggap ng dagdag na 10%" ay isang anyo ng rationalization dahil ipinapaliwanag nito na may matatanggap ang biktima kapalit ng kanilang aksyon, na maaaring mag-udyok sa kanila na magpatuloy sa kabila ng mga panganib.

Naipadala na ang VIP weekly bonus,
ang kabuuang recharge ngayon ay makatatanggap
ng dagdag na 10% djeufea.com
(STM-25)

Bagaman ang mga salitang ginamit sa mensahe, tulad ng "Mag-top up ngayon at makakuha ng dagdag na sampung porsyentong karagdagang gantimpala! (10%)" ay maituturing na halimbawa ng pagbibigay katwiran sapagkat ito ay nagpapaliwanag kung bakit mainam o kapaki-pakinabang ang paggawa ng isang partikular na aksyon—ang pag-top up. Sa mensahe, binanggit na makatatanggap ang tatanggap ng dagdag na sampung porsyentong gantimpala (10%) kung siya ay mag-top up. Ipinapakita nito ang lohikal na dahilan kung bakit dapat gawin ang nasabing hakbang. Sa madaling salita, ginagamit ang gantimpala bilang insentibo upang mahikayat ang mambabasa na kumilos. May malinaw na kaugnayan ng sanhi at bunga: kapag nag-top up, may gantimpalang matatanggap. Ang ganitong uri ng pagpapahayag ay nagpapakita ng layunin na kumbinsihin ang tumatanggap sa pamamagitan ng makatwirang paliwanag, kaya ito ay isang malinaw na halimbawa ng Pagbibigay Katwiran.

"Magandang balita! Naipadala na ang iyong VIP
Gantimpala. Mag-top up ngayon at makakuha
ng dagdag na sampung porsyentong karagdagang
Gantimpala! (10%) Djeufea.com"
(STM-28)

**Buod ng Kabanata**

Batay sa resulta ng pagsusuri ng mananaliksik, ang korpora na ginamit sa pagkalap ng datos ay binubuo ng 51 na mga scam text messages. Ang mga datos ay nailahad batay sa unang katanungan ng pananaliksik: (1) Ano-ano ang mga salitang paslaysay, patanong, pautos, at padamdam na ginagamit sa mga scam text messages? Ito ay naihanay sa pamamagitan ng talahanayan na kinapalolooban ng mood analysis ni Halliday( 1994) na nagpapahayag ng mga clauses at mood types.

Bukod dito, ang pagsusuri na clauses at mood types ay namumukod sa mga sumusunod, Block: Simuno, pandiwa, panaguri. Residue: pamuno at pang-abay. Mood types: pasalaysay, pautos, patanong, padamdam.

Habang sa pangalawang katanungan naman ng pananaliksik: (2) Ano-ano ang mga salitang matatagpuan sa scam text messages na napabilang sa pangangailangan, pagkakataon, at pagbibigay katwiran ng mandaray: ay naihanay sa pamamagitan ng talahanayan na kinapalolooban ng elemento ng fraud triangle ni Cressy( 1953) Sa kabuoan, tatlong(3) na proseso sa pagtuklas ng dahilan kung bakit ma engganyong manloloko at namukod sa ginawang scam text messages: (1) Panggigipit (2) Pagkakataon (3) Pagbibigay-katwiran).

## IV. KONKLUSYON

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang pamamaraan ng pamamahayag ng scam text messages sa pamamagitan ng mga pagsuri sa mood types, clauses sa estruktura ng pangungusap sa scam text messages at kung paano ito nagagamit sa Fraud Triangle (Panggigipit, Pagkakataon, at Pagbibigay-katwiran) upang manipulahin ang tatanggap ng mensahe. Batay sa mga datos na nakalap, makikita ang paggamit ng pasalaysay, pautos, at padamdam na mga mood types upang lumikha ng awtoridad, mag-utos, at magdulot ng emosyonal na reaksyon sa biktima. Bagama't epektibo ang mga mood types na ito sa pangloloko, makikita rin ang pagkakapareho ng ilang estratehiya sa lehitimong mensahe, kaya't naging mahalaga ang masusing pagsusuri upang makita ang malinaw na pattern ng panloloko.

Gayunpaman, ang pag-aaral na ito ay hindi naging madali, lalo pa't hindi naging madali ang pagkilala sa mga linguistic patterns sa scam text messages. Ang pagsusuri ay naging matindi at kinakailangang doblehin ang pag-aanalisa upang maiwasan ang pagkakamali. Napagtanto ko na hindi madali ang ganitong pag-aaral. Hindi ito basta-basta, lalo pa't nangangailangan ito ng malalim na pag-unawa sa estruktura ng pangungusap at ang epekto nito sa paglikha ng panlilinlang. Kinakailangang maglaan ng mahabang panahon, pagpupursige, at paninindigan upang matapos ang masusing pagsusuri.

Sa puntong ito, hindi maipagkakaila na may malaking implikasyon ang pag-aaral na ito sa linguistic deception at fraud prevention. Maliban sa pagpapalawak ng aking akademikong kaalaman, nagbigay rin ito ng mas malalim na pag-unawa sa kung paano maaaring ma-detect at maiwasan ang mga scam messages gamit ang pagsusuri sa estruktura ng wika. Ang kaalamang ito ay magiging mahalagang gabay hindi lamang sa akademikong larangan kundi pati na rin sa praktikal na aplikasyon sa digital literacy at scam *awareness*.

## TALASANGGUNIAN:


[1] A.R. Abu Bakar, N.A. Hassan, K.K. Khor, S. Sinnappan, S.A. Tan, and S. Wilson, *A holistic qualitative exploration on the perception of scams, scam techniques and effectiveness of anti-scam campaigns in Malaysia*, ResearchGate, 2023. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/374228265

[2] A. Kumar Srivastav, *Fraud triangle*, WallStreetMojo, 2023. [Online]. Available: https://www.wallstreetmojo.com/fraud-triangle/

[3] A. Barekat, *The impact of language on the development of literacy skills in children, ERIC Document Reproduction Service No. ED521774*, 2011. [Online]. Available: https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED521774.pdf

[4] J.M. Bautista, R.G. Ilustre, M.A.M. Marin, and E.R.B. Santos, *Sociolinguistics as a crucial factor in translation and analysis of texts: A systematic review*, ResearchGate, 2022. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/361239102

[5] J. Chambers, William Labov: *An appreciation, Annual Reviews*, 2017. [Online]. Available: https://www.annualreviews.org/content/journals/10.1146/annurev-linguistics-051216-040225

[6] X. Chen and D. Meurers, *Word frequency on text*, Google Scholar, 2016. [Online]. Available: https://scholar.google.com/scholar?hl=en&q=word+frequency+on+text

[7] A. Comfort and R.S. Ngula, *Scam text messages studies,* Google Scholar, 2020. [Online]. Available: https://scholar.google.com/scholar?q=scam+text+messages+studies

[8] S. Das, A. Dutta, S. Biswas, and K. Majumdar, Psycholinguistics – *A study on how it affects effective communication*, ResearchGate, 2019. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/348488688

[9] J.K.B. Delos Santos, H.B.A. Napoles, D.A.C. Lozada, J.M.S. Ong, and A.M.D. Flores, '*YOU WON': Deskriptibong pag-aaral sa estruktura ng scam text messages*, ResearchGate, 2024. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/379262020

[10] *Federal Communications Commission, Everything you need to know about text message smishing scams, Midwest Community*, 2019. [Online]. Available: https://midwestcommunity.org/everything-you-need-to-know-about-text-message-smishing-scams/

[11] M. Hazen, Labov: *Language variation and change*, ResearchGate, 2010. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/293091756

[12] M. Hazen, *An introduction to language* (Perlego, 2015). [Online]. Available: https://www.perlego.com/book/994938

[13] W. Hu, *Generative grammar in Thomas Kuhn's paradigm and structure of scientific revolution*, ResearchGate, 2023. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/382405418

*[14] Indriyani and D. Aprinia, View of Truecaller application in preventing phone call and text message scams*, IOScience, 2022. [Online]. Available: https://www.iocscience.org/ejournal/index.php/mantik/article/view/2533

[15] J. Jacob, *a*, Ateneo de Manila University, 2022. [Online]. Available: https://www.ateneo.edu/news/2022/09/05/spam-and-text-based-scams

[16] KASIKORNBANK, *Phishing*, KASIKORNBANK, 2018. [Online]. Available: https://www.kasikornbank.com/en/personal/digital-banking/kbankcyberrisk/pages/phishing.html

[17] M.S. Khaghaninejad, *Sociolinguistics and language education,* ResearchGate, 2024. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/380733584

[18] LinkedIn, *How do you measure word frequency in your corpus?*, LinkedIn, 2024. [Online]. Available: https://www.linkedin.com/advice/0/how-do-you-measure-word-frequency-your-corpus

[19] S. Liu and F. Ye, *Corpus-based comparative study on language*, David Publisher, 2021. [Online]. Available: https://www.davidpublisher.com/index.php/Home/Article/index?id=45050.html

[20] M. Sánchez-Aguayo, L. Urquiza-Aguiar, and J. Estrada-Jiménez, *A machine learning fraud detection study, MDPI*, 2021. [Online]. Available: https://www.mdpi.com/2073-431X/10/10/121

[21] S. Mohitgiri, Kabanata 3 – *Metodolohiya, Course Hero*, 2017. [Online]. Available: https://www.coursehero.com/file/56006911/Kabanata-3/

[22] M. Muhammad, *Systemic functional linguistics mood analysis on risk and vulnerability to COVID-19*, ResearchGate, 2024. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/384346686

[23] N. Sagheer, K.I. Khan, S. Fahd, S. Mahmood, T. Rashid, and H. Jamil, *A study on linguistic behavior and psychology, Frontiers in Psychology*, 2022. [Online]. Available: https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2022.903473/full

[24] *National Center for Missing and Exploited Children, Cyberbullying and online predators: What parents and educators need to know, NCMEC,* 2023. [Online]. Available: https://www.missingkids.org/gethelp/resources/cyberbullying-online-predators

[25] N.N.A. Suryandar, I.K. Yadnyana, D. Ariyanto, and N.M.A. Erawati, *Implementation of fraud triangle theory: A systematic literature review*, ResearchGate, 2023. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/372572999

[26] QuestionPro *Survey Software, Descriptive research, QuestionPro*, 2024. [Online]. Available: https://www.questionpro.com/blog/descriptive-research/

[27] R. Nordquist, *Systemic functional linguistics, ThoughtCo*, 2021. [Online]. Available: https://www.thoughtco.com/systemic-functional-linguistics-1692022

[28] R.M. Aripin, R. Mahmud, N. Sabli, and R. Tapsir, *Fraudulent financial reporting in Malaysia: From fraud triangle theory perspective*, ResearchGate, 2022. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/367671561

[29] A.K. *Shenton, Strategies for ensuring trustworthiness in qualitative research projects*, ResearchGate, 2004. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/228708239

[30] Study.com, *Chomsky's theory of language acquisition*, Study.com, 2023. [Online]. Available: https://study.com/academy/lesson/noam-chomsky-on-language-theories-lesson-quiz.html

[31] E. Tarkazikis, *FCC warns of back-to-school scams targeting college students, WSFLTV,* 2024. [Online]. Available: https://www.wsfltv.com/us-news/education/fcc-warns-of-back-to-school-scams-targeting-college-students

[32] T. Witkowski, Towards a corpus-based analysis of language variation: *A case study of the English language in the United States, Springer, 2020*. [Online]. Available: https://link.springer.com/chapter/10.1007/978-3-030-50003-0_10

[33] T. Xu and P. Rajivan, A comparative study of online fraud detection methods based on machine learning, Emerald Insight, 2023. [Online]. Available: https://www.emerald.com/insight/content/doi/10.1108/ics-11-2021-0185/full/html